## SINO ANG MGA BANSANG KASAPI SA APN?

Sa kasalukuyan ang APN ay may 21 kasaping bansa na kinakabilangan ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Australya | Indya | Pakistan |
| Bangladesh | Korea | Pilipinas |
| Cambodia | Laos | Rusya |
| Estados Unidos | Malaysia | Sri Lanka |
| Fiji | Mongolia | Thailand |
| Hapon | Nepal | Tsina |
| Indonesia | New Zealnd | Viet Nam |

*Ang mga indibidwal at mga samahan sa Pacific Island States at Singapore ay maaring makilahok sa lahat ng programang ipinapatupad ng APN at sila ay itinuturing na "APN Approved Country" alinsunod sa mga alituntunin ng pakikisapi sa APN.

## PAANO ANG BALANGKAS NG APN?

Ang pagkabalangkas ng APN ay sa pamamagitan ng sama-sama at taunang pagpupulong ng mga taga gawa ng patakaran (*Inter-Governmental Meeting* o *IGM*) at grupo ng mga dalubhasahang nagpla-plano (*Scientific Planning Group* o *SPG*). Ang IGM ay siyang pangunahing bumubuo ng pasya sa APN at ang kaukulan nitong pondo, kasama na rin ang mga proyekto sa pananaliksik at mga kasingtulad na gawain. Ang mga pagpapasyang ito, sa kalakihan, ay ayon sa rekomendasyon ng SPG. Ang *Steering Committee* at ang *APN Secretariat* ay nagbibigay suporta sa *IGM* at *SPG*. Pinopondohan ng APN ang mga proyekto sa pananaliksik at pagsulong ng kapasidad sa pamamagitan ng taunang tawag para sa mga panukala *(Call for Proposals)* sa ilalim ng *ARCP* at *CAPaBLE*.

Ang APN ay nakapagbibigay suporta para sa pananaliksik at mga gawaing nakapagsusulong ng kapasidad na naayon sa mga interes nito. Noong 2006/2007, ang APN ay nakapamahagi ng pondo sa 33 proyekto; tatlo (3) para sa malawakang pananaliksik o *Comprehensive Research Projects*, labinlima (15) para sa pagbibigay ng kapasidad o *Capacity Building Projects*, at labin-lima (15) mula sa taunang panawagan ng mga panukala o *Annual Call for Regional Proposals*.

Mga Proyektong Pinondohan ng APN



## MGA NAGBIBIGAY NG SUPORTANG-PINANSYAL SA APN

Ministry of the Environment, Japan

Hyogo Prefectural Government, Japan

National Science Foundation, USA

US Climate Change Science Program www.climatescience.gov

Ministry of Environment, Republic of Korea

Ministry for the Environment

Australian Government Australian Greenhouse Office

Ang mga taga-taguyod na nabanggit sa itaas ang siyang direktang pinanggagalingan ng pondo para sa APN na binibigyan din ng kaukulang kabahagi ng iba pang kasapi ng APN tulad ng pagiging punong abala sa mga seminar at mga pulong; at ang pagbabahagi ng kanilang siyentipikong kaalaman at kasanayan sa pamamahala.

## PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA APN?

Kung nais ninyong makipag-ugnayan sa APN o kaya ay magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga iba't-ibang programa nito, makipag-alam lang sa APN Secretariat:

APN Secretariat
IHD Centre Building, 5th Floor
1-5-1 Wakinohama Kaigan Dori
Chuo-Ku, Kobe 651-0073, JAPAN
Tel: +81-78-230-8017
Fax: +81-78-230-8018
Email: info@apn-gcr.org
Website: www.apn-gcr.org

*Nalathala sa taong 2008*

APN
Asia-Pacific Network for Global Change Research

# Asia-Pacific Network for Global Change Research

***(Filipino version)***

## ANO ANG APN AT BAKIT ITO KAILANGAN?

Ang mga pagbabago sa sistema ng ating mundo ay nakakaapekto sa lipunan at ekonomiya ng mga bansang nasa Asya-Pasipiko, kung saan matatagpuan ang higit sa kalahati ng populasyon sa buong daigdig. Dahil dito, ang *Asia-Pacific Network for Global Change Research* o *APN* ay nabuo noong 1996 bilang isang ugnayan ng mga gobyerno sa Asya-Pasipiko para sa pagtataguyod ng pananaliksik tungkol sa pandaigdigang pagbabago sa naturang rehiyon, madagdagan ang pakikibahagi ng mga bansang umuunlad pa lamang sa pananaliksik sa paksang ito, at palakasin ang ugnayan ng siyentipikong komunidad at mga gumagawa ng polisiya. Para sa APN, ang pananaliksik sa daigdigang pagbabago ay sumasaklaw sa kalipunan ng mga pisikal at bayolohikal na pagbabago ng mundo na maaaring natural na kaganapan o kaya ay dulot ng tao; na sa kabuuan ay mahalaga sa buong daigdig at may implikasyon sa sustenableng pagsulong sa rehiyon ng Asya-Pasipiko.



## ANO ANG TINITINGNAN NG APN PARA SA HINAHARAP?

Ang mga resulta ng katatapos lamang na pananaliksik at mga pagmamasid ay nakapagbibigay ng mga bagong kamalayan sa ilang mga pagbabagong nagaganap sa mundo at gayon din sa kanilang mga epekto na siya rin namang nagbubukas ng mga panibagong hamon sa aspeto ng maka-siyentipikong usapin.

Layunin ng APN na suriin ang mga nasabing usapin at itaguyod at pasiglahin ang tulong-tulong na pananaliksik sa rehiyon upang bigyang-pansin ang mga bagay na ito. Sa ganitong paraan, matitiyak ng APN na ang mga resulta ng mga pananaliksik ay makakatulong sa pagsulong ng walang salit na siyentipikong batayan sa pag-agapay sa paggawa ng polisiya at desisyon kaugnay ng mga usapin tungkol sa pandaigdigang pagbabago.

Sinisikap ng APN na mabigyang-kaya ang mga bansa sa rehiyon na umuunlad pa lamang na madagdagan ang pakikilahok at makinabang sa mga napagkaisang pananaliksik sa rehiyon. Sa huli, bilang pagkilala sa natatangi at aktibong papel ng pang-rehiyong proseso sa pangkalahatang sistema ng mundo, sinisikap ng APN na iugnay ang mga pananaliksik na itinatangkilik nito sa mga pananaliksik na ginagawa sa ibang rehiyon at sa ilalim ng pamamatnubay ng mga pandaigdigang programa.

## ANO ANG MGA LAYUNIN NG APN?

Para makamtan ang adhikain ng APN, may limang layunin ito:

*Unang Layunin:* Suportahan ang rehiyonal na kooperasyon sa pananaliksik ukol sa pandaigdigang pagbabago sa mga usaping may partikular na halaga sa rehiyon

*Pangalawang Layunin:* Palakasin ang angkop na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga siyentipiko at gumagawa ng batas, at pagpapa-alam ng mga resulta ng pananaliksik sa mga ito at sa publiko

*Pangatlong Layunin:* Pagbutihin ang siyentipiko at teknikal na kaalaman ng mga bansa sa rehiyon

*Pang-apat na Layunin:* Makipagtulungan sa ibang pang kapisanan o samahan na tumatalakay rin sa pandaigdigang pagbabago

*Pang-limang Layunin:* Tumulong sa pagsulong ng mga inprastruktura sa pananaliksik at ang pagsasalin ng kaalaman at teknolohiya



## ANO ANG MGA TINATALAKAY SA APN?

Ang APN ay nagdudulot ng mga gawain na nagbibigay at naglilipat ng kaalaman tungkol sa pisikal at maka-taong dimensiyon ng pagbabago sa sistema ng mundo na natutuon sa:

1. Klima
2. Ekosistem, bayodibersidad at paggamit ng lupa
3. Mga pagbabago sa kapaligiran (*atmospheric, terrestrial and marine domains*)
4. Paggamit ng likas na yaman (tulad ng pagkain, tubig, enerhiya, at iba pang materyal) at mga landas patungo sa sustenableng pagsulong
5. Mga usaping sumasaklaw sa ilang mga paksang nabanggit sa itaas at pag-uugnay ng syensya at polisiya

## ANO ANG MGA PROGRAMA NG APN?

Ang APN ay sumusuporta sa mga aktibidad na sumasaklaw sa mga pagbabago sa mundo at naayon sa mga nakatalang tema sa itaas sa pamamagitan ng mga sumusunod na programa:

### Ang programang ARCP

Bilang bahagi ng programa ng APN, naglulunsad ito ng taunang panawagan para sa mga panukala sa pananaliksik o ang tinatawag na *Annual Regional Call for Proposals* (*ARCP*). Ilan sa mga nauukol na aktibidad ay: pagbalangkas at pag-analisa ng mga kasalukuyang pananaliksik; mga bagong pananaliksik na pupuno sa mga puwang sa kasalukuyang kaalaman, pagpaplano (*scoping*), paglikha ng mga produktong makaka-agapay sa paggawa ng polisiya gaya ng mga instumento sa pag-modelo ng klima at iba pa.

### Ang programang CAPaBLE

Ang programang CAPaBLE ay tumutulong magbigay ng siyentipikong kapasidad sa mga bansang umuunlad pa lamang sa aspeto ng paggawa ng desisyon na may kinalaman sa pandaigdigang pagbabago at sustenableng pagsulong. Binibigyan tuon sa programamng ito ang: pag-angat ng siyentipikong kapasidad patungo sa landas ng sustenableng pagsulong; pag-uugnay ng siyensya sa polisiya; pagpapalawak ng kamalayan; at pamamahagi ng mga nakalap na kaalaman.